
# Simula Oktubre 1, ang Kamifukuoka-shi at Oi-machi ay magiging isang syudad ---

# 「Fujimino-shi」





**Ang inyong address,organisasyon ng city hall mga pangalan nga mga upisina ay magbabago subalit walang idudulot na pagbabago sa inyong pang-araw-araw na pamumuhay.**

## ① Pinalitan ang pangalan ng city hall

Kamifukuoka city hall → Fujimino city hall (Central office)
Kamifukuoka city hall branch office
→ Fujimino city hall branch office
Oi town hall → Fujimino city hall Oi Integrated branch

## ②Ang nasasakop ng nasabing mga munisipyo

ａ, Sa mga nakatira sa dating Kamifukuoka-shi
→ Magsadya sa Fujimino city hall
ｂ, Sa mga nakatira sa dating Oi-machi
→Magsadya sa Fujimino city hall Oi integrated branch

Sa mga bago pa lang manirahan sa Fujimino-shi maaring gumamit alinman sa 2 munisipyo sa unang. pagsadya...

## ③Ang inyong magiging address o tirahan ay~

**lumang address** → **bagong address**

○○○, **Kamifukuoka-shi** → ○○○, Fujimino-shi

※ Chuo, Kamifukuoka-shi ay magiging Kamifukuoka-Chuo, Fujimino-shi.

**△△△, Oi-machi, Irumagun** → **△△△, Fujimino-shi**

※Chuo, Oi-machi ay magiging Oi-Chuo, Fujimino-shi,

●Ba't di ninyo subukan ~
Mag-apply sa pampublikong pabahay

Ang Fujimino-shi ay nagsisimula nang tumanggap ng aplikasyon para sa pagpapaupa ng mga bahay ng munispyo sa pamamahala ng Urban Renaissance Agency. Maari kayong makapagrenta ng bahay sa murang halaga.. Kung lalabis ang bilang ng mga aplikante,idadaan ito sa lottery o bunutan . Subukan natin !

- ●Lokasyon:Uenodai danchi (Apartment complex), Kasumi gaoka danchi
- ●Aplikasyon: the Architecture Section ng city hall
- ● Araw ng pagtanggap: Oct. 28, 31～Nov. 1, 9 am～4pm

Para sa detalye kontakin lamang ang Architecture Section ng city hall TEL(261-2611) or FICEC(257-0370)

**④ Dalahin ang inyong foreign resident registration card sa city hall para mapalitan ng nakatalang bagong address.**

## Libreng pagpapayong legal para sa mga dayuhan

Magbibigay ng libreng pagpapayo ng abogado at mayroong ding tagapagsalin para sa mga dayuhan. Maari kayong magtanong ukol sa visa, kung paano makakuha ng resident status,pagpapakasal sa taga-ibang bansa,diborsyo,problema sa pinagtatrabahuhan,aksidente,o sa ibang pangkaraniwang problemang legal.

● Kailan: Nov.19 (Sabado) 13:00～16:00 (kailangang magpareserba o appointment)

● **Saan: Saitama lawyers association advice center**

● Magpareserba sa: Saitama international association Tel. 048-833-2992

**※ May mga tagasalin sa mga wikang Ingles, Tagalog,Chinese,Korean, Spanish, Portuguese, Thai, Indonesian, at Persiano. Magtanong kung may tagasalin sa iba pang mga wika.**

## Campaign para sa pagsupil ng pang-aabuso sa mga kababaihan

**Magdaraos mula: Nov.12 (Sabado) ~ Nov.25 (Biernes)**

Ang karahasan ay higit kailanman hindi dapat pahintulutang mangyari.Nagiging mataas ang bilang ng mga karahasang nangyayari lalo na sa mga kababaihan kagaya ng pang-aabuso o domestic violence,panghahalay,prostitusyon,stalking o pag-aali-aligid at iba pang pang-aabuso. Para maliwanagan ng mas maraming tao sa bansang Hapon ang mga nangyayaring pang-aabuso ay inilunsad ang programa o campaign para sa pagsupil ng pang-aabuso ng mga kababaihan.

Isang internasyonal na pagpupunyagi ang November 25 tungo sa “pagsupil ng pang-aabuso sa mga kababaihan ”. Makisama tayo sa pagpupunyaging ito ng buong mundo.Kung kayo ay may problema sa pang-aabuso o domestic violence, stalking o pag-aali-aligid, magtungo lamang sa FICEC.

**Center para sa pagpapayo sa mga banyaga (libre) tumawag sa 049-253-7744**

**Iniimbitahan ang lahat na dumalo sa “Forum ng mga banyagang residente ukol sa pamamahala at mga serbisyo ng munisipyo ng ating syudad”**
**Pangalawang forum: Nov.17 (Huwebes) 13:00～**
**Pangatlong forum: Jan.15 (Linggo) 13:00～**

Magtatanghal ang Fujimino-shi ng mga forum para sa mga banyagang residente para malaman ang mga opinion at hinahangad na mga pampublikong serbisyo para sa mas kaayaayang pamumuhay sa ating syudad.

Kung kayo ay may suhestyon o k.atanungan

● Tumawag sa 049-275-0370

**Nais naming hinggin ang inyong mga suhestyon sa pagdiriwang ng ika-100 isyu ng “Information Fujimino”**

Ang isyu sa Nobiembre ng Info. Fujimino ay ika-100 isyu. Ito ay labis na nakatulong sa pagbibigay gabay sa mga banyaga sa halos siyam na taon mula noong unang inilathala ito ng center. Kung kayo ay may mensahe o komento, tumawag, mag fax o e-mail para mailathala sa susunod na isyu.

●Tumawag sa : Fujimino International Cultural Exchange center

● Phone: 049-275-0370
Fax: 049-275-0371